Simula sa Hunyo 30, tatanggalin ng Estado ng Washington ang karamihan sa mga paghihigpit sa COVID-19. Pitumpung porsyento ng mga residente ng estado na labing-anim pataas ang nakatanggap ng hindi bababa sa isang dosis ng bakuna – ang limitasyon na itinakda ni Gobernador Jay Inslee para sa isang pagbabalik sa normal na operasyon sa karamihang mga lugar.

Bilang karagdagan, higit sa 70 porsyento ng mga residente ng King County labing-anim pataas ang *ganap nang nabakunahan*, na nagdudulot ng mas mataas na antas ng proteksyon ng pamayanan.

Ang COVID-19 ay hindi nawala, at higit na mga nakahahawang variant ay patuloy na kumakalat. Ang patuloy na pag-iingat ay mananatiling mahalaga upang maprotektahan ang mga hindi nabakunahan o hindi pa nababakunahan.

Ang King County ay nakatuon na makamit ang 70% na pagbabakuna sa lahat ng mga lahi at mga pangkat ng etniko at mga rehiyon. (Sa Ingles lang) Ang aming trabaho ay hindi pa tapos. Patuloy kaming magtutuon na mapunuan ang mga kakulangan sa pag-akses sa pamamagitan ng pagbibigay ng mobile na pagbabakuna, pagsuporta sa mga pagsisikap sa pagbabakuna sa lugar ng trabaho, at mga estratehiya batay sa pamayanan.

Aling mga paghihigpit ang aalisin sa Hunyo 30?

Walang mga paghihigpit sa bilang ng mga tao na maaaring makapasok sa mga negosyo at iba pang mga pampublikong lugar tulad ng mga restawran, pamilihan, tindahan, sinehan, at museo. At ang mga kinakailangang pagpapanatili ng pagitan sa isa't-isa ay hindi na kailangan. Gayunpaman, ang mga indibidwal na mga negosyo ay maaaring piliin na mapanatili ang mga paghihigpit na ito.

Kailangan ko pa bang mag-maskara sa publiko?

Ito ay magiging kapaki-pakinabang na panatilihin ang maskara sa iyo kapag umalis ka sa bahay.

- Ang mga taong hindi nabakunahan o bahagyang nabakunahan ay dapat na patuloy na magsuot ng mga pantakip sa mukha kapag pumasok sila sa panloob na mga pampublikong lugar, ayon sa patnubay ng estado. (Sa Ingles lang)
- Ang mga taong ganap nang nabakunahan ay maaaring piliing huwag mag-maskara sa karamihan ng mga pampublikong lugar.
- Ang mga negosyo ay pinapayagan na humiling o hingin sa kanilang mga kostumer at empleyado na magsuot ng mga maskara.
- Ang bawat isa ay *dapat* na patuloy na magsuot ng maskara sa mga ospital at iba pang mga lugar ng pangangalaga ng kalusugan, mga pasilidad ng kulungan, mga silungan ng walang tirahan, mga paaralan at mga lugar ng pangangalaga sa bata, at sa pampublikong

transportasyon. Ang mga pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga ay patuloy ang operasyon sa ilalim na hiwalay na patnubay. (Sa Ingles lang)

Maaari ba naming ipagpatuloy na hilingin ang mga maskara para sa mga taong pumapasok sa aming negosyo o organisasyon?

Oo, ang anumang negosyo o organisasyon ay maaaring hilingin sa mga tao na magsuot ng mga maskara ngunit dapat gumawa ng mga makatuwirang kaluwagan para sa mga may kapansanan, tulad ng inilarawan sa Kautusan sa Kalusugan ng Estado sa Mga Pantakip sa Mukha. (Sa Ingles lang) Ang mga maskara ay nagpoprotekta sa mga bata, mga taong may kondisyong medikal at ang mga hindi nabakunahan. Nagbibigay din sila ng karagdagang patong ng proteksyon para sa mga taong nabakunahan.

Anong iba pang mga hakbang ang maaari kong gawin upang mapanatiling ligtas ang aking negosyo o pinagtratrabahuhan para sa lahat?

Upang maprotektahan ang mga empleyado, ang mga kostumer at bisita, ang ilang mga panukalang proteksiyon ay nanatiling mahalaga, kahit hindi na sila kinakailangan. Ang COVID-19 ay kasama pa rin natin at ang bayrus ay kumakalat sa pamamagitan ng hangin.

- Ang mga manggagawa at kostumer na hindi nabakunahan ay dapat magsuot ng maskara.
- Lumikha ng isang kapaligiran kung saan malugod na tinatanggap ang mga maskara (kung hindi kinakailangan).
- Pagbutihin ang panloob na bentilasyon ng hangin at pagsasala (magagamit ang patnubay sa Pagpapabuti ng Panloob na Hangin).
- Hikayatin ang mga empleyado na magpabakuna (Sa Ingles lang) at masuri kung kinakailangan. Isaalang-alang ang pagbibigay ng mga pagbabakuna sa onsite para sa mga empleyado.
- Patuloy na hikayatin ang mga pagtitipon sa labas kung maaari.

Tulad ng nakagawian, ang paghuhugas ng kamay ay isang mabuting paraan upang maiwasan ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit.

Maaari ko bang payagan ang mga taong walang suot na maskara na pumasok sa aking negosyo o pinatratrabahuhan?

Ayon sa Kagawaran ng Kalusugan, ang mga negosyo at organisasyon ay may mga pagpipilian tungkol sa pagsusuot ng maskara sa kanilang mga pasilidad. Maaari nilang:

- ipagpalagay na ang mga taong walang maskara ay ganap nang nabakunahan
- piliing tanungin ang mga hindi naka-maskarang kostumer at bisita para sa katibayan ng pagbabakuna, ngunit hindi ito kinakailangan
- hilingin sa lahat na magsuot ng mga maskara anuman ang katayuan sa pagbabakuna

Ang mga negosyo at organisasyon na may panloob na mga pampublikong espasyo ay dapat magpaskil ng mga karatula na nagpapahiwatig ng kanilang patakaran at paalalahanan ang mga hindi nabakunahang tao na magpatuloy sa pagsusuot ng mga maskara.

Maaari ko bang hilingin sa mga kostumer o empleyado na magpakita ng katibayan ng pagbabakuna?

Oo, ngunit dapat kang gumawa ng mga makatuwirang kaluwagan para sa mga may kapansanan, o hindi maaaring mabakunahan. Kung plano ng mga tagapag-empleyo na pahintulutan ang mga empleyadong ganap nang nabakunahan na magtrabaho nang walang mga maskara, ang mga empleyado ay dapat magpakita ng katibayan ng pagbabakuna, ayon sa patnubay mula sa Kagawaran ng Paggawa at Mga Industriya. (Sa Ingles lang)
Kabilang sa mga katanggap-tanggap na uri ng dokumento ay:

- kard ng pagbabakuna ng CDC
- larawan ng kard ng pagbabakuna
- dokumento mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan
- isang pirmadong pahayag mula sa manggagawa o kostumer

Nagmamay-ari ako ng restawran. Mayroon bang mga espesyal na paghihigpit na nalalapat sa aking negosyo?

Wala. Ang mga kinakailangan para sa mga restawran ay kapareho ng mga para sa iba pang mga tingiang establisyemento.

Mayroon bang mga espesyal na paghihigpit na nalalapat sa mga relihiyosong organisasyon?

Wala. Ang mga kinakailangan para sa mga pangrelihiyong organisasyon ay kapareho ng mga para sa mga negosyo at organisasyon. Bisitahin ang aming pahina ng Mga Organisasyong Nakabatay sa Pananampalataya (Sa Ingles lang) para sa higit pang mga detalye sa kung papaano muling magbubukas nang ligtas.

Mayroon bang mga paghihigpit na nalalapat sa malalaking kaganapan tulad ng mga konsyerto at mga kaganapan sa palakasan?

Ang mga panloob na kaganapan na may higit sa 10,000 na katao ay malilimitahan sa 75 porsyentong kapasidad. Kung ang katibayan ng kumpletong pagbabakuna ay kinakailangan para sa pagpasok, kung gayon ay wala ng mga paghihigpit sa kapasidad. Wala ng mga kinakailangang pisikal na distansya, at dapat sundin ng mga dadalo ang kasalukuyang mga kinakailangan sa pagmamaskara.

Paano naman ang mga pelikula, museo, at iba pang mga pangkulturang kaganapan? Nalalapat pa ba ang mga paghihigpit?

Ang mga kinakailangan sa kapasidad at pagpapanatili ng pagitan sa isa't-isa ay tinanggal na sa mga setting na ito para sa mga kostumer/mga bisita, ngunit ang sinumang hindi nabakunahan ay dapat magpatuloy na magsuot ng maskara.

Maaari bang ang mga negosyo, mga organisasyon, at mga malalaking kaganapan ay magkaroon ng mga lugar ng nabakunahan at hindi nabakunahan?

Ang lahat ng mga organisasyon ay pinapayagan na magpatupad ng mga seksyon para sa nabakunahan at hindi nabakunahan sa kanilang mga pasilidad. Para sa malalaking kaganapang panloob na may 10,000 o higit pang mga kalahok, ang pagkakaroon ng mga seksyon ng nabakunahan ay hindi papayagan ang mga kaganapan na lumampas sa 75% na paghihigpit sa kapasidad. (Halimbawa, hindi mo maaaring limitahan ang kapasidad sa 75% para sa mga seksyon ng hindi nabakunahan at payagan ang 100% na kapasidad para sa mga seksyon ng nabakunahan.)

Kung gusto ng isang organisasyon na lumikha ng mga seksyon ng nabakunahan at hindi nabakunahan, dapat silang mangailangan ng pagpapanatili ng pagitan sa isa't-isa at pagsusuot ng mga maskara sa mga seksyon ng hindi nabakunahan, upang mabawasan ang panganib na kumalat ang COVID-19.

Anong mga alituntunin sa paglilinis ang dapat na magpatuloy sa pagpapatupad ng mga negosyo at organisasyon?

Ang patnubay ng CDC sa paglilinis at pagdidisimpekta (Sa Ingles lang) ay patuloy na mahalaga para mabawasan ang panganib na kumalat ang COVID-19 at iba pang mga sakit na nakakahawa. Ang madalas na paglilinis at pagdidisimpekta ng mga madalas na hinahawakang ibabaw, paghihikayat ng madalas na paghuhugas ng kamay para sa mga empleyado, pagbibigay ng sanitizer sa kamay sa mga kostumer, at pagpapanatili ng plexiglass o iba pang mga harang upang mahadlangan ang mga patak mula sa pagbabahin at pag-uubo ay magpapatuloy na mabawasan ang pagkakasakit ng mga kostumer at empleyado. Pakisuyong tingnan sa Washington Department of Labor & Industries (Kagawaran ng Paggawa at Mga Industriya ng Washington) ang Pag-iwas sa COVID-19 na mga kinakailangan sa Trabaho at patnubay para sa mga tagubilin upang mabawasan ang panganib na kumalat ang COVID-19 sa pinagtratrabahuhan.

Mayroon ka bang isang katanungan na hindi nakalista dito?
Para sa mga sagot sa mga karagdagang katanungan, mangyaring tingnan ang Kagawaran ng Kalusugan ng estado ng Washington FAQ sa muling pagbubukas at FAQ sa mga pantakip sa mukha. (Sa Ingles lang)